O Ama ni Al-Mundhir, nakaaalam ka ba kung aling talata mula sa Aklat ni Allāh na nasa iyo ang higit na dakila?" Nagsabi ito: "Nagsabi ako: {Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili...} (Qur'ān 2:255) Kaya tumapik siya sa dibdib ko at nagsabi: "Sumpa man kay Allāh, talagang magpapaigaya sa iyo ang kaalaman, O Ama ni Al-Mundhir."}

Ayon kay Ubayy bin Ka`b (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Ama ni Al-Mundhir, nakaaalam ka ba kung aling talata mula sa Aklat ni Allāh na nasa iyo ang higit na dakila?" Nagsabi ito: "Nagsabi ako: Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maalam." Nagsabi siya: "O Ama ni Al-Mundhir, nakaaalam ka ba kung aling talata mula sa Aklat ni Allāh na nasa iyo ang higit na dakila?" Nagsabi ito: "Nagsabi ako: {Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili...} (Qur'ān 2:255) Kaya tumapik siya sa dibdib ko at nagsabi: "Sumpa man kay Allāh, talagang magpapaigaya sa iyo ang kaalaman, O Ama ni Al-Mundhir."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagtanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Ubayy bin Ka`b tungkol sa pinakadakilang talata sa Aklat ni Allāh kaya nag-atubili ito sa pagsagot. Pagkatapos nagsabi ito: "Ito ay ang Ayatulkursīy: {Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. ...}," saka umayuda naman dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tumapik ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dibdib nito bilang pagpapahiwatig ng pagkapuno nito ng kaalaman at karunungan at dumalangin siya para rito na lumigaya ito dahil sa kaalamang iyon at magpagaan iyon para rito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65059